# "Aksyon para sa kinabukasan ng mga Bata" Buod na Bersyon

## Ano ang "Aksyon para sa kinabukasan ng mga Bata"

Ang **"kasalukuyang posisyon"** ng mga alituntunin para sa **"patuloy na pag-update ng bersyon"** sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa mga Bata


### [Pagsulong sa mga pambatang polisiya ayon sa mga opinyon ng mga Bata]

Isaalang-alang ang **"boses"** ng mga Bata sa pamamagitan ng pagtrato sa kanila bilang **"mga paksa"** sa halip na "mga bagay"


→ **Pagbuo ng mga patakaran** ayon sa **opinyon ng mga Bata** at mga ebidensya

→ Gamitin ang "Aksyon para sa Kinabukasan ng mga Bata" sa **pakikipag-usap sa mga bata** at **ipagpatuloy ang *Agile* method**

Pangunahing tutukan ang mga **Bata at mga henerasyong** nagpapalaki ng mga Bata, at **naglalarawan ng mga patakaran sa madaling maunawaang paraan** mula sa **pananaw ng gumagamit**




Halimbawa ng mga pahina na naglalaman ng pangunahing nakatutok sa mga Bata at mga henerasyong nagpapalaki ng mga Bata, at naglalarawan ng mga patakaran sa madaling maunawaang paraan mula sa pananaw ng gumagamit



# Kabanata 1　Mga opinyon ng mga Bata na nakalap gamit ang iba't ibang pamamaraan

**Sa halip na mangolekta lamang ng mga opinyon sa pormal na pamamaraan,** pinakikinggan natin ang tunay na **boses ng mga Bata** sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang pamamaraan.

✓ Mga nilalaman ng tanong　　✓ Paggamit ng mga digital na tool na nagbibigay-daan sa paglahok ng malawak na hanay ng mga
✓ On-site classes sa mga paaralan　✓ Direktang panayam sa pamamagitan ng pagbisita sa lugar na kinaroroonan

Sa pagbalangkas ng "Aksyon para sa kinabukasan ng mga Bata", ginamit namin ang sumusunod na tatlong paraan upang makalap ang mga opinyon at mungkahi mula sa **mahigit 2,500 Bata na may edad 4 hanggang 18.**

**Panayam tungkol sa kinaroroonan ng Bata**
**12 lokasyon, humigit-kumulang 100**

- Panatag ang loob ko dahil mayroon akong mga kaibigang malapit sa akin na pareho ang iniisip.
- Bigyan nyo kami ng maraming libreng espasyo kung saan maaari namin gugulin ang aming oras nang malaya.
- Masaya maglaro dahil sa imahinasyon. Ang paglikha ay isang masayang uri ng paglalaro.
- Panatag ako dahil maaari akong tumutok sa pagaaral ng multiplikasyon habang nasa bahay. Panatag ako kapag natututunan kong gawin ang mga bagay na hindi ko kayang gawin.
- Ayaw ko na nag-aaway ang aking Nanay at Tatay.

**Survey gamit ang SNS**
**Mga mag-aaral sa junior high at high school Humigit-kumulang 2,000**

- Mainam na magkaroon ng mabubuting kaibigan sa paligid mo na maaasahan sa oras ng problema.
- Sana ay mas marami akong pwedeng lapitan at makausap ng malaya tungkol sa anumang bagay.
- Kung ako ang gobernador ng Tokyo, gagawa ako ng parke na naglalaman ng mga bagay na hiniling ng mga Bata.

**Pagbisita sa klase**
**1 elementarya, 1 junior high school, at 1 high school**
**Humigit-kumulang 500**

- Bumubuti ang pagkakaibigan sa pamamagitan ng pakikipaglaro.
- Nagbago ako mula sa pag-iisip na ang mga bagay-bagay ay hindi maiiwasan sa pag-iisip na ang mga ito ay kayang maiwasan.
- Masaya akong matutunan ang tungkol sa mga Young Carers. Sana magkaroon pa ako ng pagkakataon na matuto nang higit pa.

# Kabanata 2　Patungo sa lipunang "Mga Bata Muna"

**Layunin para sa Tokyo: Lipunang "Mga Bata Muna"**

| Lumaking malusog at tapat sa sarili | Pagsuporta sa mga Bata sa buong lipunan | Panatag na pagpapalaki ng mga Bata |
|---|---|---|

**Aksyon para sa kinabukasan ng mga Bata**

Ang **"kasalukuyang posisyon"** ng mga alituntunin para sa **"patuloy na pag-update ng bersyon"** sa pamamagitan ng pakikipagusap sa mga Bata




Pagtutulungan



**Komprehensibong Plano sa pagsuporta sa mga Bata at pag-aalaga ng mga Bata sa Tokyo (Ika-2 Yugto).**

**Komprehensibong Plano** sa pagsuporta sa mga Bata at pag-aalaga ng mga Bata ayon sa **batas**

# Kabanata 3　Pagsulong ng mga polisiya na magpapasigla sa ngiti ng lahat ng mga Bata

## 1. Isang nangungunang proyekto ng cross-organizational promotion team

Para sa bawat tema na mahirap harapin sa loob ng kasalukuyang balangkas, ang Child Policy Liaison Office ay gumaganap ng isang pangunahing papel sa pagbuo ng promotion team na kinabibilangan ng mga nauugnay na kawanihan na nakahihigit sa limitasyon ng mga patakaran.

**Kamusmusan at pagpapalaki ng Bata**
Pagpapayaman ng pag-aaral at mga karanasan para sa lahat ng mga Bata

**Paglikha ng koneksyon sa pagpapalaki ng mga Bata**
Paglikha ng mga "Koneksyon" Ngiti ng bawat isa

**Pangangalaga sa kalusugan ng mga Bata**
May malalapitan, at hindi na kailangang magalala tungkol sa iyong katawan o kalusugan ng mag-isa

**Pagsusulong ng "laro" na maghahatid ng ngiti sa mga Bata**
Buong suporta sa "kahilingang maglaro" ng mga Bata

**Isang nangungunang proyekto ng cross-organizational promotion team**

- Pagpapalaki ng Bata
- Lugar na Kinabibilangan
- Paglalaro
- Paglalaro・Paglaki
- Ligtas at panatag

**Paglikha ng kapaligiran kung saan ligtas ang mga Bata mula sa mga aksidente**
Ang mga Bata ay ligtas mula sa mga kapahamakan at maaaring hamunin ang kanilang sarili

**Suporta para sa mga Bata na ang sariling wika ay hindi Hapones**
Matuto nang sama-sama at kumonekta sa maraming tao

**Suporta para sa mga Young Carers**
Lahat ay maaaring mamuhay sa paraang ninanais

# Kamusmusan at pagpapalaki ng Bata

Sa **pananaw ng mga Bata Pagsuporta sa karaniwang kindergarten** at nursery schools

Nagtapos ng isang kasunduan sa "Cedep" noong Disyembre 2022
* Cedep: Graduate School of Education, The University of Tokyo Center for Child Development and Childcare Practice Policy

## 【Edukasyon para sa mga Bata･Pagpapahusay ng pangangalaga】

**Pagbuo ng programa na humihigit sa mga limitasyon ng pasilidad** tulad ng mga kindergarten at nursery school, na nakapagbibigay ng iba't ibang karanasan

### Konsepto ng programang sumusuporta sa "Pagpapalaki ng Bata".

**Pagsuporta sa "pagtatanong" ng mga Bata.** Ang buong mundo sa paligid ng mga Bata ay lugar ng "pagtatanong".

Ang mga Bata **natututo ng hindi nila namamalayan** sa kanilang araw-araw na paglalaro **at "pagtatanong"**

Sa pamamagitan ng programa, ang "pagtatanong" ay ginagawa na **may layunin at intensyon** upang **pagbutihin ang kalidad ng buong proseso ng "pagtatanong"**.

- **Dagdagan** ang pag-uusisa
- **Pagpapalawak** ng kaisipan
- **Pagpapalalim** ng kaisipan

**Pagtatag ng pundasyon para sa panghabambuhay na pag-unlad**

Paglinang sa mga **kakayahang lingid sa kanilang kaalaman** tulad ng pagtatanong, pagpapahalaga sa sarili, at mga kasanayang panlipunan sa pamamagitan ng "pagtatanong"

## [Bigyan ang lahat ng Bata ng lugar upang makisalamuha sa kanilang kapwa]


**Mula sa** pananaw ng **"pinakamahusay na interes ng mga Bata," sa pamamagitan ng regular na pagtanggap ng mga Bata** sa mga kindergarten at nursery school, atbp., **maaari tayong makipag-ugnayan pataas, pahalang at pahilis (*) at bumuo ng kapaligiran kung saan ang lahat ng mga Bata ay maaaring lumaking malusog** mula sa **pagpapabuti ng mga kakayahang lingid sa kanilang kaalaman.**

* Pataas (sa matatanda), pahalang (sa kaparehong edad) at pahilis (iba pang edad)

# Pagsusulong ng "laro" na maghahatid ng ngiti sa mga Bata

## [Paggawa ng palaruan para sa mga Bata]

Maigting na suporta sa **pagsisikap ng mga munisipalidad na lumikha ng mga palaruan, tulad ng mga playground at mga palaruan na gumagamit ng mga lokal na yaman tulad ng mga pampublikong espasyo** at pasilidad **habang sinasalamin ang mga opinyon ng mga Bata**



Opinyon ng Bata

**Paglikha ng mga palaruan gamit ang mga playground at lokal na yaman**

Magaral | Lugar para sa mga Bata | Inklusibo | Lugar ng konsultasyon

**Pagsusulong ng paglikha ng "mga palaruan" na may iba't ibang pagkakagamitan**

## [Pagpapahusay ng mga pagkakataon para maranasan ng mga Bata ang "paglalaro"]

Mag-organisa ng mga event kung saan ang mga Bata ay maaaring **makaranas ng iba't ibang paglalaro sa mga lugar na malapit sa kanila** bilang **"Proyekto sa pag-promote ng 'paglalaro' ng mga Bata" upang itaguyod ang "paglalaro" at magtalaga ng mga lider ng paglalaro** na dalubhasa sa paglalaro. Atbp.

## Paglikha ng koneksyon sa pagpapalaki ng mga Bata

Pagtaas ng kalungkutan at pagkabahala ng mga Bata at pamilyang nagpapalaki ng mga Bata dahil sa epekto ng COVID-19

➡ **Mula sa real at virtual na pananaw,** lumikha ng **makabagong suporta na ayon sa kalagayan ng lahat ng pamilyang nagpapalaki ng anak**

## Paglikha ng kapaligiran kung saan ligtas ang mga Bata mula sa mga aksidente

Ang uri ng aksidente ay nagbabago depende sa edad at pag-unlad ng Bata

➡ Bumuo **ng mga hakbang sa pag-iwas sa aksidente na nakabatay sa ebidensya, sa pagtutulungan ng industriya-pamahalaan-paaralan-mamamayan.**

## Suporta para sa mga Young Carers

Iba-iba ang saloobin ng mga Bata at kalagayan ng mga pamilya na nangangailangan ng pangangalaga

➡ Pagbibigay ng **iba't ibang uri ng suporta** sa pamamagitan ng **paguugnayan ng iba't ibang institusyon ayon sa mga pangangailangan ng bawat indibidwal**

## Suporta para sa mga Bata na ang sariling wika ay hindi Hapones

Ang mga pagsubok na kinakaharap natin ay sari-sari at kumplikado

➡ Iba-ibang uri ng development tulad ng pagpapahusay ng **Japanese language education at paggabay, pagpapalakas ng consultation system, at paglikha ng mga lugar para sa mga Bata na magtipon at makipag-ugnayan**

## Pangangalaga sa kalusugan ng mga Bata

Ang pagbibinata/pagdadalaga ay panahon kung saan ang mga Bata ay nahaharap sa iba't ibang pisikal at mental na pagbabago at madaling kapitan ng pagkabalisa at pag-aalala.

➡ Paglilinang sa mga **pangunahing kaalaman sa wastong pamamahala sa kalusugan, at suporta sa mga inisyatiba sa pagsulong ng kalusugan na nakatuon sa hinaharap**

Paglunsad ng promotion team para sa **pagpapalaki ng mga batang nasa gulang ng pagaaral**
Pagpaplano at pagpapatupad ng mga patakaran mula sa pananaw ng mga Bata sa pamamagitan ng outreach-type na **panayam sa mga batang pumapasok sa mga pampublikong paaralan at mga support group,** at mga **advanced na case study sa Japan at iba pang bansa.**

## 2. Mga Pagsisikap ayon sa "Pagpapaigting sa mga polisiya sa hinaharap"

### [Ika-1 na Haligi ng Polisiya] Pagpapalakas ng suporta para sa mga Bata upang siguruhing walang mapagiiwanan

**Higit pang pagpapahusay ng suporta para sa mga Bata na nasa mahihirap na kalagayan at sa mga apektadong pisikal at mental ng matagal na pandemya ng COVID-19**

① Mga hakbang laban sa pambu-bully
② Suporta para sa mga out-of-school youth
③ Mga hakbang laban sa pang-aabuso sa Bata
④ Mga hakbang laban sa pagpapatiwakal
⑤ Suporta para sa pangangailangan sa pangangalagang medikal, atbp.
⑥ Digital consultation system para sa mga Bata
⑦ Mga hakbang laban sa kahirapan ng mga Bata
⑧ Paglikha ng mga lugar para sa magkakaibang mga Bata
⑨ Suporta para sa mga batang may kapansanan ⑩ Social na pagpapalaki
⑪ Suporta para sa mga biktima ng sekswal na karahasan at pag-iwas sa sekswal na pinsala
⑫ Pagpapabuti ng physical fitness sa paaralan
⑬ Pagbuo ng kapaligiran para sa pagtangkilik sa palakasan sa komunidad

### [Ika-2 na Haligi ng Polisiya] Manatiling malapit sa henerasyong nagpapalaki ng Bata, at suportahan ang pagbubuntis, panganganak, at pagpapalaki ng Bata

**Palakasin ang patuloy na suporta sa maraming antas upang ang henerasyong nagpapalaki ng mga Bata ay mapalaki ang mga Bata nang may kapayapaan ng isip sa anumang kalagayan.**

① Suporta para sa mga nag-iisip ng pagbubuntis
② Suporta para sa pagbubuntis at panganganak
③ Pagtiyak sa kalidad at dami ng mga serbisyo para sa pangangalaga ng mga Bata
④ Suporta sa pagpapalaki ng mga Bata mula sa iba't ibang pananaw
⑤ Suporta para sa mga pamilyang may nagiisang magulang

### [Ika-3 na Haligi ng Polisiya] Pagpapabuti ng kalidad ng edukasyon sa pamamagitan Ng Tokyo-style na modelo ng edukasyon

**Tumutok sa sariling katangian at kakayahan ng bawat Bata at pagbibigay ng detalyadong suporta**

① Pag-aaral na ginagamit ang kagandahan ng Tokyo-style model at pagpapahalaga sa mga pananaw ng mga Bata
② Pag-aaral na i-maximize ang indibidwalidad at kakayahan ng bawat isa
③ Detalyadong edukasyon na kung saan walang mapagiiwanan
④ Linangin ang mga yamang tao na maaaring gumanap ng aktibong papel sa pandaigdigang aksyon

### [Ika-4 na Haligi ng Polisiya] Makipag-ugnayan sa iba't ibang ahensya para sa mga aksyon para pagyamanin ang ngiti ng mga Bata

**Pagbuo ng mga inisyatiba upang pasiglahin ang pakiramdam ng pagpapahalaga sa mga Bata sa buong lipunan at paglutas ng mga isyung panlipunan sa pakikipagtulungan ng industriya-pamahalaan-paaralan-mamamayan.**

① Karagdagang pagsulong ng "smile movement" para sa mga Bata
② Suporta para sa angunguna at cross-organizational na pagsisikap ng mga munisipalidad
③ Palitan ng komunikasyon sa mga Bata, paghahatid ng impormasyon, pakikilahok ng mga Bata

**Suporta sa pagsisikap ng mga munisipalidad na maghatid ng ngiti sa bawat Bata**